FILE

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 09 DECEMBER 1996, 9:00 AM. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Present:

| | |
|---|---|
| Vice Mayor Jesus M. Dimapilis | - Presiding Officer |
| Kagawad Cesar T. Baticos | - Member |
| Kagawad Angeles D. Bautista | - Member |
| Kagawad Ramil O. Dimapilis | - Member |
| Kagawad Jesus S. Dela Cruz | - Member |
| Kagawad Ranulfo C. Bernal | - Member |
| Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. | - Member |
| Kagawad Honesto O. Taytay | - Member |
| Kagawad Eduardo G. Villamin | - Member, ABC President |
| Kagawad Randy P. Valencia | - Member, SK Chairman |

Absent:

Kagawad Ferdinand V. Talens - On seminar at Clark

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

KAPASYAHAN BLG. 129
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. GELACIO I. YASON, PUNONG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA MABIGYAN NG ISANG BAGONG MAKINILYA ANG TANGGAPAN NG PULISYA NG BAYANG ITO.

SAPAGKA'T ang tanggapan ng pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro, tulad ng ibang tanggapan ng pamahalaang lokal ay lubhang maraming mga papeles na ginagawa bilang bahagi ng serbisyo sa publiko;

SAPAGKA'T ang pagsasagawa ng serbisyo ng lokal na pulisya sa mga gawaing nakapapel ay hindi maibigay nang maagap at maayos dahil sa kakulangan o kawalan ng mga angkop at nararapat na mga kagamitan at kasangkapan, isa na rito ay ang makinilya;

SAPAGKA'T ipinarating sa Sangguniang Bayan ang hinaing at nakita rin ang kagyat na pangangailangan dito kaya't bilang tugon ay pinagkasunduang itukoy ang kahilingang ito sa kagalang-galang na Punong Bayan Gelacio I. Yason.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Ranulfo C. Bernal na sinang-ayunan nina Kagawad Ramil O. Dimapilis at Kagawad Cesar T. Baticos -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kgg. na Punong Bayan Gelacio I. Yason na mabigyan ng isang bagong makinilya ang tanggapan ng pulisya ng bayang ito

para sa lalong ikabubuti at ikaaayos ng serbisyo sa mga mamamayan.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Gelacio I. Yason, Punong Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanyang masusing pag-aaral at karampatang aksyon.

Pinagtibay: 09 December 1996

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor/
Presiding Officer

PINAGTIBAY:

GELACIO I. YASON
Punong Bayan

mors/

Arnulfo G. Sison, Jr.
12/18/96